# Paghalungkat ng mga Ugat: Ang Paggalugad at Pagsipat sa Pagpili ng mga Artikulong Nailathala sa Dalumat E-Journal mula 2010 hanggang 2022

**Jessica May S. Reyes, LPT, MA Ed**
De La Salle University-Manila
jessica.reyes@dlsu.edu.ph

**Vasil A. Victoria, Ph.D.**
Ateneo de Naga University
vvictoria@gbox.adnu.edu.ph

## ABSTRAK

Nakatuon ang pananaliksik sa paggalugad ng naging proseso sa pagpili ng mga artikulong nailathala ng Dalumat E-Journal (DEJ) ng *Networked Learning PH* mula 2010 hanggang 2022. Naging inspirasyon ng nasabing pag-aaral ang paggalugad ni Eilene Narvaez ukol sa kabuuang proseso ng pagpili sa Salita ng Taon. May disenyong *Mixed Method* ang nasabing pananaliksik. Sinuri ng mananaliksik ang lahat ng artikulong nasa opisyal na website ng Philippine E-Journals. Gamit ang *Critical Discourse Analysis,* nagkaroon ng pagkakataon ang mananaliksik na suriin at basahin ang lahat ng salik na nakaaapekto sa pagpili ng mga artikulong nailathala sa DEJ gaya ng paraan ng pagsulat ng pamagat, introduksiyon, at wakas. Idinagdag din dito ang pagsusuri sa kaligiran ng mga kontribyutor maging ang pagbusisi sa bibliyograpiya ng mga artikulong nailathala ng DEJ. Sa kabuuan, mainam pa ring pagnilayan ng mga mambabasa man o nais na maging kontribyutor ang mga rekisitios bago makapagsulat—ang pagbasa, pagsulat, at paglalathala. Higit pa rito, malaking tulong na magkaroon ng malalim na kamalayan ang mga mambabasa, mga mananaliksik, at mga mamamayang Filipino tungkol sa kahalagahan ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Marapat na maunawaang nakasalalay lamang din sa mga gumagamit ang katuparan nito. Makikitang hindi man madali ang proseso ng intelektuwalisasyon, malaking tulong pa rin ang maliliit na hakbang gaya ng paglalathala ng pananaliksik gamit ang sariling wika at konteksto ng bansa upang maisakatuparan ito.

**Mga Susing Salita:** *Dalumat E-Journal, Diskurso, Intelektuwalisasyon, Refereed Journal, Publikasyon*

## ABSTRACT

This study is focused on exploring the process of how the articles in the Dalumat E-Journal (DEJ) of Networked Learning PH from 2010 to 2022 were published. This was inspired by Eilene Narvaez's exploration of the entire process of choosing the winner for the "Salita ng Taon," by the Filipinas Institute of Translation (FIT). Furthermore, this research used the Mixed Method design which aided the researcher in analyzing all articles that are available from the official website of Philippine E-Journals. By using Critical Discourse Analysis, the researcher had the chance to look into all the factors that influenced the selection of the articles published in *DEJ*. In this study, it was discovered that despite all the changes brought by technology and modernization happening in the present, the art of conventional writing is still sought in journal publications. In general, it would still be best for the readers and/or aspiring contributors to reflect on what is the real foundation of good writing—reading. The intellectualization of Filipino as a language is a long road to take but it does not mean that we cannot do anything. Through small steps, we, as citizens can do something like using our language, especially in research publications. We always must start somewhere to achieve the huge goals for our country.


***Key Words:*** *Electronic Journal (E-Journal), Discourse, Intellectualization, Refereed Journal, Publication*

## PANIMULA

Matagal nang pinapangarap ng maraming edukador ng/sa Filipino ang intelektuwalisasyon ng Wikang Pambansa. Patunay rito ang adbokasiya ng Tanggol Wika, Komisyon sa Wikang Filipino/KWF, Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino/SAGIF, at maraming organisasyong isinusulong ang paggamit ng Filipino sa iba't ibang larangan. Dagdag pa rito, idiniin ng Tanggol Wika (2018) na bahagi ng intelektuwalisasyon ng wika ang paggamit nito sa mga pananaliksik. Kabilang sa bisyong ito ang hakbang para matupad ito ang pagkakaroon ng maraming pananaliksik gamit ang sariling wika. Kasama ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng iba-ibang mga patakarang inilabas ng DepEd, lubos ang paghikayat nito sa mga gurong manaliksik na bahagi ng paglago bilang propesyonal. Pananaliksik ang isang pamamaraan upang magkaroon ng kontribusyon ang bawat edukador sa larangang na itinatahak. Ito rin ang nagiging bintana para sa bagong nilalaman ng mga mag-aaral na naaayon sa kontemporaryong kalagayan ng lipunan.

Kaugnay nito, kasali rin ang publikasyon sa proseso ng pananaliksik sapagkat ito ang nagbibigay-daan upang ang pag-aaral ay magkaroon ng maraming ugnayan o channel sa iba pang larangan, mananaliksik, at/o institusyon man. Ibig sabihin, mas nagiging malawak ang awdyens na nagbabasa ng kanilang nabubuong artikulo at hindi lamang ito para sa mga kasama nila sa trabaho, paaralan, o institusyon.

Malinaw na inihayag ni Sibayan (2014) na hindi pa maituturing na intelektuwalisadong wika ang Filipino maliban na lamang kung panitikan ang pinag-uusapan. Dagdag pa niya, nakakapagbigay ng impormasyon at edukasyon ang intelektuwalisadong wika mulang simula (Kinder) hanggang sa huling antas ng pag-aaral (Postgraduate) sa isang institusyon at sa lahat ng asignatura nito. Matinding dahilan ito kaya itinuturing na intelektuwalisado ang Ingles, Nihonggo, at iba pa. Napakalawak ng kanilang lengguwahe at nagiging katuwang ng kanilang bansa mula pananaliksik, inobasyon, ekstensiyon, at pag-unlad.

Itinuturing ang Unibersidad ng Pilipinas (UP) bilang isa sa nangungunang institusyon pagdating sa usaping pananaliksik at publikasyon sa bansa. Ayon kay Asio (2020), ang Research Gate Score (RG Score) noong 2020 ay nagpapakitang pasok ang halos lahat ng UP campus bilang nangunguna sa mga institusyon ng bansa pagdating sa bilang ng miyembro at publikasyon. Dagdag pa ni Asio (2020), ang ResearchGate ay nagbibigay ng ranggo ng mga institusyon batay sa kanilang datos ayon sa kanilang naiaambag na pananaliksik sa bansa. Sinundan naman ito ng De La Salle University (DLSU), University of Santo Tomas (UST), at Ateneo de Manila University (ADMU).

Bukod pa rito, naaayon din sa usaping lokal ang pagkaroon ng DepEd Order S. 2016 na nagsasaad na ang kagawaran ay mayroon nang Basic Education Research Agenda na sinasabing kailangan na ring magkaroon ng pananaliksik na tumatalakay sa lokal o pambansang konteksto mula sa mga edukador na ang pokus sa mga isyu ng edukasyon, polisiya ng kagawaran, at plano nitong may kaugnayan sa bisyon at misyon ng Kagawaran ng Edukasyon.

Kahit bago pa ang pandemya, may paraan na upang mahikayat ang mga intelektuwal sa maraming bahagi ng bansang magsaliksik at maglathala at ito ang pagsilang ng isang E-Journal o Electronic Journal. Ayon kay Nuncio (2010), nagsimula ang pagkakaroon ng Dalumat E-Journal sa mismong pagbukas din ng 2010. Bukas ito sa wikang Ingles at Filipino na nagbigay-daan sa maraming kontribyutor na magsulat sa maraming larangan gaya ng wika, kultura, midya, kasaysayan, lipunan, at iba pa.

Ayon kay Nuncio (2010) sa kaniyang paunang salita sa Tomo 1, bilang 1 ng *Dalumat E-Journal*— upang mabigyan ng halaga ang iba't ibang larangan o disiplina ang pagkakaroon ng *Dalumat E-Journal* ay mahalagang nakapokus ito sa pagbubuo ng isang publikasyong nakasentro sa pagiging intelektuwalisado ng Filipino. Katunayan, binanggit pa rin ng patnugot sa kaniyang paunang salita ng unang isyu nito na "Naniniwala kaming sa pamamagitan nitong intelektuwalisasyon ng Filipino, sabay-sabay na malilinang ang mga wika."

Sinuportahan din ng Paunang Salita ni Nuncio (2011) sa Tomo 2, bilang 1 ng Dalumat E-Journal, nang kaniyang nabanggit na sa C&E Philippines unang nakiisa ang ang Dalumat E-Journal at sa pinakaunang edisyon nito noong Enero 2010, agad na nagkaroon

ito ng pangalan sa cyberspace nang magkaroon ang Dalumat E-Journal ng 4,050 hits at 1,1995 full-text download. Dagdag ni Nuncio (2011), isa itong maliit na hakbang upang magkaroon ng bukas o libreng akses ang madla sa "knowledge production" na ang pangunahing layunin ay upang maging intelektuwalisado ang Wikang Filipino.

Ang pagkakaroon ng isang pag-aaral na puspusang binabasa ang isang partikular na *Electronic Journal* ay isang bagong hakbang upang magkaroon ng masinsinang pagtalakay sa pagpili ng nagiging trend sa mga pananaliksik. Isa itong inspirasyon mula sa nabuong pagsusuri at pagbusisi ni Narvaez sa mga naging Salita ng Taon. Dagdag pa rito, ang inspirasyong ito ang pundasyon ng pag-aaral upang magkaroon ng sunod-sunod pang pagsusuri sa marami pang Electronic Journal ng bansa gaya ng Malay, Kawing, Hasaan, Alipato, Gibon, Daluyan, Scientia, Daluyan, Saysay, at iba pa.

Dagdag pa rito, ang pagkakaroon ng *Electronic Journals* (e-journals) ay hindi na bago sa mundo ng akademya sapagkat matagal na itong naging alternatibong pamamaraan ng paglalathala ng mga pananaliksik sa halip na pagkakaroon ng Printed Journals/Print Journals/Paper-based Journals (p-journals). Ayon kay Bhosale (2022), matatagpuan lamang ang Print Journals sa loob ng isang silid-aklatan kung kaya't mas mahihirapan ang mga mananaliksik na magkaroon ng akses dito lalo na sa panahon ng pandemyang hindi naman lahat ng silid-aklatan ay bukas na para sa publiko. Samantalang kabaliktaran naman ang sitwasyong ito ang pagkakaroon ng e-journals na malawak ang akses ng mga mananaliksik, maaaring basahin ang materyal online o offline at madadala nila ito kahit saan.

## Suliranin at Layunin ng Pananaliksik

Layunin ng ng pananaliksik na muling mabasa, maikategorya, at masuri ang nilalaman ng mga artikulong nailathala sa *Dalumat E-Journal* ng *De La Salle University*, Manila mulang 2010 hanggang 2022.

Kung walang magiging espesipikong materyal kaugnay sa pagpapalawak sa mga artikulo at pananaliksik sa Dalumat E-Journal, mahihirapan pa lalo ang mga nais na maging kontribyutor sa kahit anong journal sa kung ano ang kanilang susunod na magiging hakbang sa pagtatangkang makapaglathala.

Sa pagsipat ng mga artikulong nailalathala sa Dalumat E-Journal ng De La Salle University, Manila mulang 2010 hanggang 2022, narito ang naging tampok sa mga sumusunod na kategorya:

**A. Introduksiyon**
   a. Bilang ng mga talata
   b. Estilo ng pagsulat?

**B. Wakas**


a. Bilang ng mga talata
b. Estilo ng pagsulat?

**C. Bibliyograpiya**

a. In-text citation na ginamit
b. Mga ideang nasa pananaliksik ngunit wala sa sanggunian
c. Mga ideang nasa sanggunian ngunit wala sa pananaliksik?

## Batayang Teoretikal ng Pag-Aaral

**Larawan 1**
Batayang Teoretikal ng Pag-aaral




Ang pagsasagawa ng mga pananaliksik ang isa sa maraming hakbang upang maisakatuparan ito sapagkat mariin nang sinabi ni Sibayan (2014) na malaki ang kakulangan ng bansa sa mga pananaliksik gamit ang sariling wika kung kaya't nagiging malayo sa katotohanang maging intelektuwalisado ang wikang Filipino.

Sinusuportahan naman ito ng teorya sa Intelektuwalisasyon ng Wika ni Sibayan (2014) ang pag-aaral na ito. Ayon kay Gonzales (2002), ang intelektuwalisasyon sa konteksto ng wika ay nangangahulugang pagkakaroon ng pinalawak na makabagong bokabularyo at kontemporaryong gamit ng sintaks. Sa madaling salita, maituturing na intelektuwalisado ang wika kung hindi natatapos ang pagbabago nito sa ortograpiya subalit hindi nagkakaroon ng pagkalito sa mga tuntunin nito. May iba't ibang domain ang wika, sumusuporta ito sa populasyon, intitusyon, at estruktura. Tatlo ang klase ng domain sa wika, a) non-controlling domains (NCDs) na may kaugnayan sa unang wika o lingua franca, b) semi-controlling domains (SCDs) na kinakabilangan ng relihiyon, politika, at entertainment, c) controlling domains (CDs) na kinakabilangan ng gobyerno, medisina, edukasyon, teknolohiya, negosyo, at mass media.

Malinaw na nagamit ang teorya ni Sibayan (2014) na nagsilbing pamanatayan sa intelektuwalisasyon ng Pambansang Wika. Mangilan-ngilan pa ang kulang na salik ng wikang Filipino upang maging intelektuwalisado ito. Samakatwid, ang pagsasaalang-alang nito sa pananaliksik, mas nabigyan nito ang kahingian ng intelektuwalisasyon. Dagdag pa rito, makakatulong din ang mga domain na nabanggit sa artikulo ni Sibayan sa gayon ay maging espesipiko kung anong sektor pa ang kailangang maging katuwang upang maging intelektuwalisado ang Wikang Pambansa.

At ang madalas na wikang ginagamit sa CD ay ang mga intelektuwalisadong wika. Kaugnay nito, idiniin ni Sibayan (2014) na ikalawa sa proseso ng pagiging intelektuwalisado ng isang wika ay ang pagkakaroon ng suporta sa mga institusyon, ospital, at organisasyong may publikasyon sa mga journal gamit ang wikang Filipino. Ang kakulangan sa mga ganitong uri ng pananaliksik ang isa sa mga suliranin kung bakit ang medisinang pinag-aaralan ng mga doktor, nars, teknisyan, at iba pang kabilang na mga trabaho sa ospital ay ginagamit ang intelektuwalisadong wikang Ingles. Dagdag pa ng mga doktor, ang intelektuwalisasyon ng Filipino sa larang ng medisina ay magiging imposible at impraktikal lamang.

Sa pag-aaral na ito, binigyang-pansin ng mananaliksik ang idyolohiya ng mga artikulo ng *DEJ* mula 2010 hanggang 2022. Ginalugad nito ang mga pangyayari sa bawat larangan na tinatalakay sa pag-aaral ng mga kontribyutor ng mananaliksik nang higit pa sa madalas na nakikita lamang ng mga mambabasa sa teksto. Sa madaling sabi, mas intensibo ang nagiging pagbasa at pagsusuri sa mga nasabing lathalain. Sinikap ng pag-aaral na makabuo ng koneksiyon sa pagitan ng teksto at lipunan.

Kaugnay nito, malinaw na ang pinakalayunin ng mananaliksik ay muling mabasa, maikategorya, at masuri ang nilalaman ng mga artikulong nailathala sa *Dalumat E-Journal ng De La Salle University Manila* mulang 2010 hanggang 2022 gaya ng nabanggit sa introduksiyon. Subalit higit pa rito, layon din ng pananaliksik na kilatisin pa ang bawat paksang tinatalakay ng mga kontribyutor upang maging mas malinaw sa mga mambabasa ang koneksiyon ng mga ito sa tunay na nangyayari sa lipunan at paano mabibigyan ng solusyon ang mga problema nito.

**Paraan sa Pagsusuri ng Mga Kategoryang Tampok sa Mga Artikulong Inilathala sa Dalumat E- Journal**

Idiniin ng pag-aaral na ito ang posibilidad ng pagkakabuo ng disenyong Mixed Method upang mailarawan at mailahad ang kabuuang konteksto ng paggalugad sa mga artikulo ng Dalumat E-Journal (DEJ). Ayon kay George (2021) tumutukoy ang Mixed Methods Research Design sa paghalo ng mga elementong kaakibat ng kwantitatibo at kalitatibong uri ng pananaliksik. Bahagi nito ang sumusunod: 1) pagbasa ang mga artikulo sa DEJ mula 2010 hanggang 2022, 2) pagsuri sa mga diskursong nangibabaw sa DEJ, 3) pagbigay ng interpretasyon at paglalarawan sa mga katangiang nangibabaw sa mga artikulo ng DEJ mula 2010 hanggang 2022. Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang kalitatibong pamamaraan upang makalap at masuri ang datos samantalang ginamit naman ang kwantitatibong datos sa pagtukoy ng bahagdan ng mga hinihinging impormasyon sa pagsagot sa suliranin ng pag-aaral nang sa gayon ay lumabas na mas malinaw ang mga resulta ng pag-aaral.

Unang sinuring kategorya ay ang **introduksiyon at ang wakas**. Nagkaroon ito ng halos parehong lente ng susuriin at parehong titingnan kung gaano kahaba o ilang talata ang inilalaan ng mga kontribyutor sa pagsulat ng introduksiyon at wakas. Sunod namang tiningnan ang estratehiya kung paano sinimulan at winakasan ng mga manunulat ang kanilang artikulo ayon sa mga estratehiyang nabanggit ni (2020) bilang batayan.

**Bibliyograpiya** naman ang sunod na siniyasat sa pananaliksik at unang tiningnan dito ang bilang ng sangguniang ginamit ng awtor. Tinukoy rin ng mananaliksik kung anong klase ng citation ang gamit at anong edisyon ang kanilang sinusunod. Batay sa mga tuntunin ng DEJ sa pagpasa ng artikulo, parehong tinanggap ang citation gamit ang *American Psychological Association (APA)* at *Modern Language Association (MLA)* kaya naman sinuri kung alin ang madalas na ginamit ng mga kontribyutor. Sunod naman, sinuri kung anong uri o klase ng mga sanggunian ang gamit ng kontribyutor. Tiningnan sa pagkakataong ito kung madalas bang gumamit ng mga sangguniang may pisikal na kopya o online na ang mga sanggunian lalo na sa panahon ng makabagong teknolohiya. Pagkatapos nito, binusisi rin ng mananaliksik kung may congruency o pareho ang mga inilalagay na sanggunian ng mga manunulat sa kanilang nilalaman o kung sa lahat ng kanilang hinihiram na mga idea ay nailalagay kung saan ito nanggagaling.


Pagkatapos na suriin ang piling kategorya, siniyasat naman ang mga diskursong nangibabaw sa mga artikulo ng *DEJ* mula 2010 hanggang 2022 na nasa susunod na bahagi ng *Critical Discourse Analysis*—ang pagtukoy sa interpretasyon ng resulta sa paghimay ng mga teksto. Sa pagkakataong ito, bumuo ng isang talahanayan ang mananaliksik na nagpapakita ng listahan ng iba't ibang larangan na nangibabaw sa mga nailathalang artikulo at *tally* kung ilan ang kabilang dito. Kasabay nito, bumuo rin ng talahanayan ng nasabing datos upang makita kung anong diskurso ang may pinakamalaking bahagdan at may pinakamalaking impluwensiya sa DEJ. Kasunod nito, ipinaliwanag ng mananaliksik

kung anu-anung artikulo ang kabilang sa mga larangan at kung anong sintesis o kabuuang ideya ng mga artikulong nailathala ng DEJ mula 2010 hanggang 2022.

**Pagsusuri sa Kategorya ng Mga Artikulong Nailalathala sa Dalumat E-Journal**

Sa bahaging ito, makikita ang danas ng mananaliksik sa pagsusuri ng mga kategoryang tampok sa mga artikulo ng *DEJ* gamit ang sabkategoryang kaakibat nito. Ginalugad ng mananaliksik ang mga sabkategorya sa pamamagitan ng sumusunod na hakbang: a) pagpresenta ng datos na nagpapakita ng grap sa bawat sabkategorya, b) analisis o paglalahad ng datos, c) pagbigay ng intepretasyon o implikasyon sa analisis, at d) pag-uugnay ng datos sa mga kaugnay na literatura. Ginamit ng mananaliksik ang estratehiya ni Narvaez (2016) na pag-iisa-isa sa detalye ng bawat kategorya sa gayon ay mas malinaw ang pagkakalahad ng mga datos na kaugnay nito.

**Pigura 1.1**
Bilang ng Talatang Isinulat sa Introduksiyon ng mga Artikulo ng *DEJ* mula 2010 hanggang 2022





Sa pangkalahatang pagsusuri, makikitang ang dating 90 artikulong sinuri ng mananaliksik ay may 89 bilang na lamang dahil kung titingnan ang *website* ng Tomo 2, Blg. 1, nagkaroon ng *error* ang artikulong "Familia Guerilla: Ang Pamilya Eseo at mga Pagbabagong Panlipunan sa Lungsod San Pablo, Laguna Noong Ikalawang Digmaang Pandaigidig" ni Emarlino. Kapag pinipindot ang mismong artikulong ito, ang nilalaman ng "Ang Kosmolohiya at Simbolismo ng mga Sandatang Pilipino: Isang Panimulang Pag-Aaral" ni Lasco ang lumalabas. Kung gayon, marapat lamang na hindi na ito maisali sa pagsusuri ng introduksiyon.

Makikita sa talahanayang ang 83 sa 89 na artikulong sinuri sa *DEJ* o 93% nito ang nagsulat ng introduksiyong may 1-10 talata lamang. Sa konteksto ng mga artikulong inilathala sa *DEJ*, masasabing karamihan sa mga kontribyutor ang mas pinipiling magkaroon ng maikling introduksiyon sa kanilang artikulo at agad na naglalahad ng layunin ng kanilang papel. Sa kabila nito, may isang artikulo pa rin o 1.12% ng mga naitlathalang artikulo ang nagkaroon ng higit sa 20 talata bilang introduksiyon. Samantalang sa estilo o estratehiya naman ng pagsulat ng introduksiyon, makikita sa talahanayang 34 sa 89 na sinuring artikulo o 38% ang may balita sa pagbubuo ng introduksiyon. Sa ganitong kaso, mahihinuhang wala talagang iisang pormula o pamantayan sa pagsusulat ng introduksiyon gayon din kung ilang pangungusap o talatang mayroon ito. Nasa pagpapasiya ito ng mismong manunulat at sa kahingian na rin ng pinapasahang artikulo.

Ayon kay Faryadi (2018), wala namang isinasaad o iminumungkahing bilang ng salita o talata sa pagbubuo ng introduksiyon subalit bilang mga manunulat, malinaw dapat na ang layunin sa bahaging ito ay makuha ang atensiyon ng mga mambabasa at maipaliwanag nang direkta ang pangunahing mithiin ng papel o artikulo. Dagdag pa nito, mas epektibo ang introduksiyong binubuo ng isang manunulat kung ang bungad pa lamang nito sa mga mambabasa ay maiuugnay sa pang-araw-araw na buhay ng mga mambabasa at magagamit sa praktikal na pamamaraan.

**Pigura 1.2**

Mga Estratehiya sa Pagsulat ng Introduksiyon ng mga Artikulo ng *DEJ*
mula 2010 hanggang 2022




Kaugnay nito, makikita rin sa talahanayang may mga estratehiyang hindi ginamit ng mga kontribyutor gaya ng Kasabihan, Kawikaan, Islogan, at ang paggamit ng Biro o Paluwang-tawa. Isinaad ni Faryadi (2018) na isa ang introduksiyon sa pinakamahalaga at pinakamabigat na bahagi ng pananaliksik sapagkat dito magkakaalaman kung

ipagpapatuloy pa ba ng mambabasa ang pagtangkilik sa papel ng mananaliksik. Sa mga artikulong inilathala sa *DEJ*, mainam na sabihing naging estilo ng mga kontribyutor ang pagbibigay pokus sa mga seryosong paksa sa halip na gamitin ang pagpapatawa o pagiging magaang dahil na rin sa bigat ng mga isyung tinatalakay nito sa bawat artikulo. Mahalagang idiin din ito ay akademikong papel kaya madalas na seryoso at maingat ang pagtalakay sa isang paksa. Hindi ito malikhaing pagsulat na likas ang siste ng manunulat.

Masasabing sa resultang ito, ipinapahiwatig na kinakailangang maging napapanahon ang piliing balita ng manunulat at bahagi dapat ito ng pang-araw-araw na buhay ng madla. Sa mga nasuring introduksiyon sa nailathalang artikulo ng *DEJ*, makikita ritong madalas na nagsisimula ang mga kontribyutor sa mga balitang may kaugnayan sa suliraning tatalakayin sa kabuuan ng papel kasabay ng pagpapaliwanag ng magiging layunin sa paksa. Isinaad ni Victoria (2020), ang balita bilang estratehiya ng pagsusulat ng introduksiyon ay kinakailangang makita nang mabilisan at naglalaman ng impormasyong agad na makikita ng mga mambabasa.

Bukod pa rito, naobserbahan ng mananaliksik na ang mahusay na introduksiyon ng mga tinanggap na artikulo sa *DEJ* ay nakabatay sa paraan ng paglalahad nito ng impormasyong makakapukaw kaagad ng interes ng mambabasa. Halimbawa, sa pinakaunang artikulo ng Tomo 1, Blg. 1, na isinulat ni Valerio (2010), sinumulan niya ito kaagad ng estadistika at *trivia* tungkol *indie film* na lingid sa kaalaman ng nakakarami. Sinabi ni Valerio (2010) sa kaniyang artikulo:

> *Sa nakalipas na sampung taon – habang patuloy na namamayagpag ang pelikulang Hollywood sa buong mundo at nananamlay naman ang produksiyon ng industriya ng pelikulang Filipino – nasaksihan ang pag-usbong ng bagong henerasyon ng mga filmmaker na kung tawagin ay "indie" o "independent filmmaker." Ngunit samantalang popular na sa mayayaman at panggitnang uri, lalo na sa Kamaynilaan, ang ganitong anyo ng pelikula, hindi pa ito nakalilikha ng matinding pagtanggap mula sa mas maraming manonood ng pelikula*

Sa madaling sabi, mabilis na nakakakuha ng interes ng awdyens ang mga impormasyong hindi tipikal at hindi sikat dahil sa bagong perspektibang naibibigay nito sa mambabasa at maging ang mga kontrobersiyal na opinyon ukol sa mga nangyayari sa paligid ay kasali rin dito.


Maidaragdag din sa obserbasyon ng mananaliksik na ang lahat ng natanggap na artikulo ay may direktang layunin na binabanggit sa introduksiyon. Halimbawa, sa artikulo mula sa Tomo 5 na pinamagatang "K-U-L-T-U-R-A: Modelong *Mnemonic* sa Pag-Aaral ng Kultura at Disaster Alinsunod sa Diwa ng Likas-kayang Pag-unlad," direktang inihayag ni Ardales (2019) ang kaniyang layunin at sinabi sa abstrak pa lamang na "Layunin ng papel na mailarawan ang modelong *mnemonic* at kung paano ito ginamit sa pananaliksik tungkol sa kultura at disaster na may tuon sa mga kababaihan at mga bata bilang bulnerableng mga sektor sa panahon ng matagalang pagbaha sa lokal na pamayanan." Kung gayon, mainam

na sabihing tinanggap ng *DEJ* ang mga artikulong may malinaw na direksiyon sa kung ano ang inaasahan ng mambabasa sa artikulong nailathala ng kontribyutor.

Para naman sa ikalawang bahagi, makikita ang pagsusuri sa estilo ng pagkakabuo sa wakas na bahagi ng mga nailathalang artikulo ng *DEJ*. Hindi ito nalalayo sa pamamaraan ng pagsusuri ng introduksiyon dahil ang pokus din nito ay ang sumusunod: a) bilang ng talata at b) estratehiya ng pagsulat. Ginamit din nito ang pamantayan nina Victoria (2020) upang makabuo ng wakas sa isang komposisyon.

**Pigura 2.1**

Bilang ng Talatang Isinulat sa Wakas ng mga Artikulo ng *DEJ* mula 2010 hanggang 2022




Makikita naman sa bahaging ito kung paano binuo ng mga kontribyutor ang wakas ng kanilang mga artikulo. Sa resulta, 83 sa 89 na sinuring artikulo o halos 93% ang piniling magsulat ng talatang may 1-10 ang bilang. Samantalang 7% naman ang nagsulat ng kanilang wakas na may 11-20 talata lamang.


Halimbawa, sa bahaging ito, makikitang ang may pinakamaraming naisulat sa wakas na bahagi ng artikulo ay ang "Isang Pagsusuri sa Persepsiyon at Aktuwal na Kahusayang Pampagtuturo ng Guro" na may 14 na talata para sa pagbubuo ng wakas samantalang marami namang artikulo ang naging direkta at iisa lamang ang bilang ng talata para sa kanilang wakas. Nariyan ang mga artikulo sa Tomo 3 na may mga pamagat na "Ang Bisa at Hinaharap ng Lapit na *Disaster Diplomacy* sa Kasaysayang Pangkapaligiran ng Pilipinas: Isang Inisyal na Pagtatasa," "*Social Network* sa Pilipinas: Isang Kultural na Pagtanaw sa *Facebook* at Pakikipag-ugnayan ng mga Pilipino," at "Ipinintang Kamalayan Ukol sa Kapayapaan: Pagbasa sa Imahen ng mga Likhang *Mural* ng Kolehiyong Mag-aaral ng De La Salle Lipa" na nagtapos kaagad ng huling bahagi ng mga artikulo sa *DEJ*.

Ibig sabihin, may implikasyon itong hindi na masyadong pinapahaba pa ng mga manunulat ang pagtatapos ng kanilang artikulong iniambag. Maidaragdag din dito ang obserbasyon ng mananaliksik na ang mga artikulong nailathala sa *DEJ* ay nagtapos o nagwakas sa pamamagitan ng pagbabalik sa mga layunin at suliraning inilathala ng kontribyutor sa simula ng artikulo. Sa pamamagitan ng pagbubuo ng wakas, nagkaroon ng pagkakataon ang kontribyutor na maipaliwanag sa mas simpleng pamamaraan ang kabuuan ng artikulo. Pahiwatig ang resulta ng pag-aaral na tinatapos pa rin ng mga kontribyutor ang kanilang artikulo nang hindi maligoy upang sa paraang ito, maikintal ang pagsasara ng kanilang akda sa mga mambabasa. Kapag kilometriko pa ang wakas, mawawalang saysay ang bisa nito at hindi nito makukuha ang interes o kapanabikan ng mga mambabasang tapusin pa ito.

Sinabi nina Swales at Feak (2012) na ang isang epektibong wakas ay tumatalakay lamang ng kabuoan ng isang pananaliksik at hindi na kailangang pahabain pa ito. Sa madaling sabi, mas mainam na maging direkta ang pagwawakas ng papel at ang mahalaga lamang dito ay mag-iwan ito ng kintal o impresyon sa mambabasa.

**Pigura 2.2**

Mga Estratehiya sa Pagsulat ng Wakas ng mga Artikulo ng *DEJ*
mula 2010 hanggang 2022




Pagdating naman sa estratehiya ng pagsulat, 41 sa 89 na artikulo o 46% ang nagdesisyong gamitin pa rin ang kumbensiyonal na pamamaraan ng pagwawakas—ang pagbibigay ng kongklusyon. Sa kabilang banda, makikita sa mga estratehiyang inilatag nina Victoria (2020) na bihira o halos hindi ginamit ang Tula o Awit bilang estilo sa pagtatapos ng papel. Makikita sa talahanayang isa lamang sa 89 na sinuring artikulo ng *DEJ* ang

gumamit nito. Ginamit lamang ang estilong ito nang may isinaling akdang may kaugnayan sa panulaan.

Dagdag pa rito, naobserbahan din ng mananaliksik na may kani-kaniyang paraan ang mga mananaliksik upang mabigyan ng kintal ang kanilang mga nailathalang artikulo. Halimbawa, sa artikulo ni San Juan sa Tomo 1, Blg. 1 na pinamagatang "Kontra-Gahum: Pagsipat sa Tema, Pilosopiya at Ideolohiya ng Piling Kontemporaneong Tulang Radikal Tungo sa Kontekstuwalisasyon ng Kritisismong Marxista," tinapos niya ang kaniyang artikulo sa pamamagitan ng pagbigay-diin sa mga suliraning panlipunan kaugnay ng mga naiambag na panitikan ni Lumbera. Nakasaad sa kaniyang artikulo:


> *Ang panulaan ni Lumbera ay sumunod lamang sa nauna nang tradisyong makarebolusyon ng mga Filipinong manunulat mula sa iba't ibang panahon, at ang pagpapatuloy niya ng gayong tradisyon sa pagsulat ay manipestasyon lamang ng kolektibong kabiguan ng mga Filipinong lutasin ang laksa-laksang suliraning panlipunan*

Sa madaling sabi, implikasyon itong kabilang sa pamantayan ng *DEJ* ang magkaroon ng mga pahayag at pagpapaliwanag na magkakaroon ng tatak sa mga mambabasa. Hindi lamang dapat tungkol sa pagsasara ng artikulo o pagbibigay ng sagot sa mga tanong na inilatag sa wakas kundi pag-iwan ng kaisapang magbibigay ng pagninilay sa magbabasa nito.

Ayon kay Victoria (2020), tumutukoy ang kongklusyon sa pagsagot ng problemang inilahad sa papel na isinulat. Kung gayon, mainam na sabihing ang mga kontribyutor ng *DEJ* ay pinipiling sagutin ang suliraning inilahad nito sa simula pa lamang ng papel. Dagdag pa ni Victoria (2020), sa kongklusyon din makikita ang mga bagong natuklasan ng kontribyutor sa paggalugad ng suliranin at dito rin inilalahad ang mga ideang inaasahan sa pagtagal pa ng suliraning tinatalakay. Sa mga artikulo ng *DEJ*, makikitang ang huling mensahe ng mga kontribyutor ay ang mga kailangang tumatak sa mga mambabasa.

Sa Talahanayan 4 makikita ang pagsusuri ng mananaliksik sa bibliyograpiya ng *DEJ*. Hinimay rito ang estruktura at mismong pamamaraan ng mga napipiling kontribyutor sa pagsasaayos ng kanilang mga sanggunian. Sinuri ng mananaliksik ang sumusunod na sab kategorya sa bibliyograpiya: a) *citation*, b) bilang ng *online* na sanggunian, c) bilang ng pisikal na kopya ng sanggunian, d) bilang ng mga ideang wala sa sanggunian, at e) bilang ng mga sangguniang nasa bibliyograpiya ngunit hindi naman nagamit sa mismong artikulo o pananaliksik.

**Pigura 3.1**
Mga Ginamit na *Citation* sa Mga Artikulo ng *DEJ* mula 2010 hanggang 2022




Sa kabuuang pagsusuri ng bibliyograpiya, makikitang naging konsistent ang bilang na tatlo (3) sa *Not Applicable* (N/A). Ang dalawa sa artikulong ito ay hindi naglagay ng kanilang bibliyograpiya at *endnotes* lamang ang inilagay sa huling bahagi ng pananaliksik.

Ayon sa depinisyon ng *University of Southern California*, ang *endnote/s* ay mga komentong inilalagay sa huling bahagi ng pananaliksik kasama ng sangguniang pinagmulan nito. Subalit malaki pa rin ang pagkakaiba nito sa bibliyograpiyang binigyang-kahulugan ng *University of Maryland* bilang mas espesipikong listahan ng sangguniang ginamit sa pananaliksik.

Kung gayon, sa pag-aaral na ito, binigyang-pokus lamang ng mananaliksik ang bibliyograpiya ng mga artikulo ng *DEJ* at hindi kasali rito ang *endnotes* ng mga artikulong ito. Samantalang ang natitirang isa (1) na may anotasyong *N/A* ay matatagpuan sa Tomo 2 Blg. 1, ang artikulo ni Emralino na "Familia Guerilla: Ang Pamilya Eseo at mga Pagbabagong Panlipunan sa Lungsod San Pablo, Laguna Noong Ikalawang Digmaang Pandaigidig" at ito ay may isyu sa mismong kawing (*link*) nitong matatagpuan sa *website* ng *Philippine E-Journals*.

Malinaw na isinaad ng *Dalumat E-Journal* sa mekaniks ng paglalathalang pipili lamang ang kontribyutor kung *Modern Language Association (MLA)* o *American Psychological Association (APA)* ang nais nitong gamitin bilang estilo sa pagsulat ng bibliyograpiya at *in-text citation* sa kabila ng napakaraming pagpipiliang estilo sa pagsulat nito. Hindi kasali rito ang iba pang uri ng *citation* gaya ng *Chicago Notes Style, American Medical Association Style*, at iba pa.

Kaugnay nito, makikita sa Pigura 4.1 na 55 sa 90 artikulong sinuri o 61% ang gumamit ng *APA*. Sa kabilang banda, 32 sa 90 nailathalang artikulo ang gumamit ng *MLA* sa pagsulat ng kanilang *in-text citation* na katumbas ng 36% sa kabuuan.


Sa resultang ito, may dalawang implikasyon. Una, parami nang parami ang gumagamit ng *APA* kaysa *MLA* bilang *citation*. Kung babalikan ang mekaniks, hindi rin nalinaw ng *DEJ* kung anong edisyon ang kanilang hinihingi kung kaya't mainam na mabigyang-linaw rin ito.

Ikalawa, may mga artikulong nakakalusot na matanggap kahit na hindi nito nasunod ang *citation* na hinihingi ng *DEJ*. Kung gayon, pahiwatig itong kailangan tingnan nang mabuti ang mga ganitong konteksto dahil may mekaniks na ipinalalabas ang *DEJ* na marapat lamang na sundin ng mga nais maging kontribyutor sa *refereed journal*.

Kung babalikan ang depinisyon ng *APA*, ayon kay Lorenz (2005), ito ay paghiram ng mga ideya mula sa isang sangguniang kinakailangan ang paglagay ng apelyido ng orihinal na awtor kasama ang taon kung kailan niya ito isinulat. Dagdag pa rito, idiniin din ni Lorenz (2005) na kadalasang ginagamit ang estilong *APA* kapag ang nabubuong pananaliksik ay may kaugnayan sa Agham Panlipunan gaya ng Sikolohiya, Antropolohiya, Edukasyon, at iba pa. Gamit ang kongkretong kahulugang ito, masasabing may kaugnayan sa nasabing larangan ang karamihan sa mga paksa mga nailalathalang artikulo.

Binigyang-depinisyon naman ng *Virginia Tech University Libraries* (2021) ang *MLA* bilang paraan ng pagsulat ng sanggunian sa pamamagitan ng pagbanggit ng awtor kasabay ng pahinang nakuha o hiniram ng mananaliksik ang idea. Dagdag pa rito, nabanggit ding kadalasan naman itong ginagamit kapag ang pananaliksik ay may kaugnayan sa *Liberal Arts* at/o Humanidades. Batay sa depinisyong ito, malinaw kung bakit kabilang ito sa mga isinali ng *DEJ* bilang estilo sapagkat bukas ito sa mga paksang may kaugnayan sa Humanidades.

**Pigura 3.2**
Bilang ng mga *Online* na Sangguniang Ginamit sa Mga Artikulo ng *DEJ* mula 2010 hanggang 2022




Sunod namang sabkategoryang sinuri ng mananaliksik ay ang uri o klase ng sangguniang ginamit ng mga kontribyutor sa artikulong ipinasa at nailathala sa *DEJ*. Hinati ito sa dalawa—ang *online* at pisikal na sanggunian. Kung titingnan ang Pigura 4.2, makikitang 77 sa 90 artikulo o halos 86% ng mga kontribyutor ang gumamit ng hindi lalagpas sa 15 *online* na sanggunian. Samantalang 9 sa 90 artikulo o 10% naman ang gumamit ng higit sa 15 ngunit hindi lalampas sa 30 sangguniang matatagpuan *online*.


Sa kabuuan, mayorya ng mga kontribyutor ang tumutukoy na mismo kung anong uri ang kanilang sanggunian sa pamamagitan ng paglalagay ng anotasyong "web" o "printed" sa huling bahagi ng bawat sanguniian (*sources)*. Samantalang may ibang kontribyutor namang naglalagay ng pagkakategorya kung anong uri ang kanilang sanggunian, nakagrupo na ang lahat ng tesis, dokumentaryo, panayam, *website,* atbp.

Kung gayon, may implikasyon itong karamihan sa mga kontribyutor ay gumamit ng hindi lalagpas sa 15 *online* na sanggunian. Ibig sabihin nito, marami sa mga kontribyutor ang nagbabalanse pa rin sa bilang ng *online* at pisikal na kopya ng sanggunian. Subalit kung babalikan nang mga panahong nagsisimula pa lamang ng *DEJ* noong 2010, hindi pa bukas sa publiko ang akses ng mga *online* na sanggunian kaya't maituturing din itong salik kung bakit ganito ang naging resulta sa datos.

Higit pa rito, makikita sa resultang may mga kontribyutor ding gumamit ng lampas pa sa 30 sanggunian kaya't masasabing may implikasyon ito sa pagkakaroon ng malawak na akses ng kontribyutor sa teknolohiya at iba pang paraan sa pagkalap ng impormasyon.

Papasok dito ang lalong pag-usbong ng teknolohiya lalo na nang pumatak ang panahon ng pandemya ay walang naging ibang batis kundi ang *online* na plataporma.

**Pigura 3.3**
Bilang ng mga Pisikal na Kopya ng Sangguniang Ginamit sa Mga Artikulo ng *DEJ* mula 20 hanggang 2022




Sa bahaging ito ng pananaliksik, sinuri naman ang bilang ng mga pisikal na kopya ng sangguniang ginamit ng mga kontribyutor. Makikita sa grap na 52 sa 90 o 58% sa kabuoang bilang ng artikulo ang gumamit nang hindi lalagpas sa 15 pisikal na sanggunian kasali na rito ang mga aklat, *journal*, periyodiko, atbp. Subalit 8 sa 90 o 9% pa rin sa mga artikulo ng *DEJ* ang gumamit ng higit sa 30 pisikal na sanggunian.

Sa resultang ito, masasabing binabalanse na rin ng mga kontribyutor ang uri ng sangguniang kanilang ginagamit. Hindi na lamang nakalimita sa makalumang pamamaraan ng pagkalap ng datos at hindi rin naman nasobrahan sa pag-asa lamang sa internet bilang batayan ng nagiging nilalaman ng pananaliksik. May kani-kaniyang dahilan kung bakit nasisipi ang mga batis mapaprinted o *online* man sila. Ang labanan dito ay ang awtoridad at integridad kung sino ang nagsulat o kung kanino galing ang ideya.


Batay naman sa naging resulta ng bahaging ito, may ilang implikasyon din ito sa mga mananaliksik. Una, nagpapahiwatig itong may mga mananaliksik pa ring nagtitiwala sa kapangyarihan ng pisikal na kopya ng sanggunian gaya ng aklat, peryodiko, *journal*, atbp. Ikalawa, nagpapakita itong may mga panahong limitado pa lamang ang pampublikong akses ng ilang sanggunian patunay na rito ang resultang nagpapakitang may mga kontribyutor na mas higit pa rin ang bilang ng pisikal na kopya kaysa *online*. Higit sa lahat, may mga institusyong mas nakakapanaig pa rin ang polisiyang magbasa ng aklat sa halip na umasa lagi sa internet.

Ayon kina Fignola at Zainab (2018), tatlo ang bentaha ng pagkakaroon ng mga *online* na sanggunian. Una, madaling magamit ang *online* na sanggunian bilang *referencing tools.* Ibig sabihin, mas madaling mailalagay at matutukoy kung anong uri ng sanggunian ang iyong batis. Ikalawa, mas kaunti ang pagkakataong magkamali ang mananaliksik sa pagsulat sa bibliyograpiya. Nang dahil sa teknolohiya, mas nagiging angkop ang paglista ng batis. At panghuli, mas mabilis ang akses ng *online* na sanggunian sakali mang biglaan itong kailanganin ng mananaliksik o manunulat.

Sa huling proseso sa pagsusuri ng bibliyograpiya, ginamit ng mananaliksik ang *scanning* at *skimming* bilang estilo ng pagbasa upang masinop kung ilan sa mga artikulong nailathala ng *DEJ* ang may mga nakaligtaang idea at/o *in-text citation* ng mga kontribyutor. Dagdag pa rito, sininop din kung ilan sa mga artikulong ipinasa ang may mga sangguniang inilagay sa bibliyograpiya ngunit hindi naman nagamit, nakapaloob, o matatagpuan sa mismong nilalaman ng artikulo.

**Pigura 3.4**

Bilang ng Mga Ideang nasa Pananaliksik ngunit Wala sa Sanggunian ng mga Artikulo ng *DEJ* mula 2010 hanggang 2022





Para sa unang bahagi ng sabkategorya ng pagsusuri sa bibliyograpiya, makikita sa Pigura 4.4 na 82 sa 90 artikulo o 91% ang may hindi lalagpas sa 15 nakaligtaang idea o *in-text citation*. Ibig sabihin, may mga inilagay ang mga hiniram na ideya ang kontribyutor subalit nakalimutan itong mailagay sa mismong bibliyograpiya. Samantalang may 5 sa 90 artikulo o 6% naman ang nakagawa ng parehong pagkakamali subalit sa pagkakataong ito, higit sa 15 ngunit hindi lalagpas sa 30 *in-text citation* ang nakaligtaan ng mga kontribyutor.

Implikasyong nagkakaroon pa rin ng kalituhan sa mga kontribyutor ang pagsasaayos ng kaugnay na pag-aaral sa mga artikulong kanilang isinulat. Sa resultang ito ng pag-aaral, nagbibigay ito ng pahiwatig na sa mga artikulong isinusumite ng mga kontribyutor, may mga nakakaligtaang ilagay sa bibliyograpiya kahit na inilagay nila ang *in-text citation* nito sa pananaliksik. Isa sa mga dahilan ay ang maraming bilang ng sanggunian. Isudlong pang hindi laging nasisinsin o nasisinop ang ideyang sinipi at ang aktuwal na paglalagay nito sa entri ng mga sanggunian. Nagpapahiwatig ito ng kawalan ng kasinupuan at integridad ng papel dahil maaaring mauwi ito sa kasong plahiyo.

Dagdag pa rito, sumasalamin din ito sa responsabilidad ng mga kontribyutor bilang mananaliksik. Kabilang sa etika ng pananaliksik ang pagiging responsable ng may-akda ukol sa mga ideang hinihiram o hinti nito pagmamay-ari. Kaya naman bilang mga responsableng manunulat, mainam na balikan lagi ang etika bago ito isagawa sa gayon ay mas maging responsable ang mananaliksik. Higit pa rito, kapag ipinagpatuloy ito ng mga nagsulat o magsusulat pa lamang dahil nais maging kontribyutor, magiging kuwestiyonable ang kredibilidad ng manunulat, walang puwang ang ganitong kalakaran sa matalino at etikal na pananaliksik.

Ayon sa *University of Stirling* (2019), kasali sa etika ng pananaliksik ang pagsali sa paggamit ng mga sanggunian o siyentipikong awtput sa etika ng pananaliksik. Ibig sabihin nito, maaaring maakusahan ang mananaliskik ng *misconduct* sakali mang mapatunayang ginagawa ito ng mananaliksik. Isang hamon din ito sa mismong *DEJ* na magkaroon ng mas mahigpit na pagpapatupad ng mga tuntunin pagdating sa pagbubuo ng riserts.

**Pigura 3.5**
Bilang ng Mga Sangguniang Nasa Bibliyograpiya ngunit Wala sa Pananaliksik
ng mga Artikulo ng *DEJ* mula 2010 hanggang 2022



Ang panghuling sabkategoryang sinuri ay ang paggalugad ng mga ideyang inilagay sa bibliyograpiya ngunit hindi naman matatagpuan sa pananaliksik. Kung titingnan ang datos, 79 sa 90 artikulo o 88% naman ng mga nailathalang artikulo ng *DEJ* ang may hindi lalagpas sa 15 sangguniang inilista. Dagdag pa rito, 7 sa 90 artikulo naman ang may 16-30 na inilistang sangguniang wala sa pananaliksik.

Kung titingnan nang mabuti ang datos, marapat tingnan ito bilang paghihiram ng kontribyutor ng ideya mula isang sanggunian ngunit hindi nito ginamit nang direkta sa pananaliksik. Maaaring kinuha na lamang ang sintesis ng sanggunian kung kaya't wala nang direktang gamit nito sa mismong nilalaman ng artikulong isinulat ng kontribyutor. Subalit gaya ng nanunang sinuring sabkategorya, may ilang implikasyon din ang ganitong sitwasyon. Una, muling papasok dito ang pagkuwestiyon sa kredibilidad ng mananaliksik. Kasabay ng pagiging etikal sa pagsasaliksik ay ang maingat na paglagay ng mga sanggunian. Ibig sabihin kasali rito ang paglagay nang maayos ng mga awtor o pinagmulang ng ideya kahit pa pahapyaw lamang ang pagtalakay nito sa pananaliksik. Ikalawa, susulpot din dito ang pagkakaroon ng kuwestiyonableng proseso sa pagsasaliksik. Kung may mga sangguniang hindi naman kasali sa pananaliksik, hindi malayong pagdudahan ang kredibilidad ng manunulat sa tamang pagbuo ng *citation*. Sa huli, malaking isyu ito ng plahiyo kapag walang sanggunian ang siniping ideya.

Sa kabuuan, mahihinuha rin sa bahaging itong lakas ng *DEJ* ang hindi pagtanggap ng mga entri na mula sa mga kaduda-duda ang kredibilidad pagdating sa usaping Humanidades gaya ng *Wikipedia* dahil maaaring maedit ng kahit sino ang nilalaman ng nasabing *website*. Dagdag pa rito, maituturing ding lakas ng *DEJ* ang kawalan ng entri mula sa mga *artificial intelligence* gaya ng *ChatGPT*.

Ayon kay Gallegos-Erazo (2021) sa artikulo ni Steneck (2006), sa pangkalahatan, ang pagkakaroon ng integridad sa pananaliksik ay tinitingnan mula sa perspektiba ng propesyonal na pamantayan at kasali rito ang pagkakaroon ng etika pagdating sa mga prinsipyo gaya ng maayos na pagsulat ng sanggunian. Kung gayon, hindi dapat maging kaduda-duda ang integridad ng kontribyutor sa pamamaraan nito ng pagsulat nito ng mga sanggunian sa ipinasang artikulo.

## KONGKLUSYON

Sa pananaliksik na ito, sinikap ng mananaliksik na basahin, kategoryahin, at suriin ang mga salik na nakakaapekto sa pagtanggap ng mga artikulo ng *DEJ*. Kaugnay nito, may tatlong bagay na natuklasan ang mananaliksik sa pagbuo ng pag-aaral.

Una, sinuri ng mananaliksik ang mga kategorya gaya ng pamagat, paraan ng pagsulat sa introduksiyon, paraan ng pagsulat sa wakas, bibliyograpiya, at mga kontribyutor upang mas magalugad pa ang mga salik na nakaapekto upang mailathala ang mga artikulo sa *DEJ*. Natuklasan din ng mananaliksik na hindi nawala sa hinahanap

ng mismong patnugutan ang mga pundamental na kaalaman sa pagsulat gaya ng sinuri sa mga paraan ng pagsulat ng introduksiyon at wakas. Hindi nilimitahan ng *refereed journal* ang mga nais na maging kontribyutor nito kung kaya't sa bawat tomong inilunsad, marami ang paksang natalakay.

Sa huli, masasabing malaking tulong din ito sa gayon ay magkaroon ng mataas na kredibilidad ang pananaliksik lalo na kung ang mga ito batay sa maraming pag-aaral. Masasabing gaya ng ibang *refereed journal*, may mga tuntunin ding kailangang sundin ang mga nais na maging kontribyutor sa *DEJ* bilang pangunang pamantayan ng artikulong isusumite. Higit pa rito, maaasahan ang isang artikulo kung ang lahat ng ipinapaliwanag nito ay nakabatay sa mga nauna nang pananaliksik.

## MGA SANGGUNIAN

Asio, V. B. (2020). The Best Research Universities in the Philippines in 2020. Retrieved from Soil and Environment: https://soil-environment.blogspot.com/2020/01/the-best-research-universities-in.html.

Bhosale, U. (2022, January 27). "Electronic Journals vs Print Journals – Here's How You Can Choose the Right Journal!". Retrieved from Enago Academy.

Department of Education. (2021). *RM. 016, s. 2021:RESEARCH AGENDA AS ALIGNED TO THE IMPLEMENTATION OF THE BASIC EDUCATION LEARNING CONTINUITY PLAN*.

Erazo, F. A. (2021, December). Ethics and its Importance in Research. Retrieved from ResearchGate: https://www.researchgate.net/publication/356834849_Ethics_and_its_Importance_in_Research.

Faryadi, Q. (2018). "PhD Thesis Writing Process: A Systematic Approach—How to Write Your Introduction." Scientific Research Publishing, 2534-2545.

Fignola, & Zainab. (2018, November). The benefits of online referencing tools: as told by a Master's student. Retrieved from Medium: https://medium.com/my-learning-essentials/the-benefits-of-online-referencing-tools-as-told-by-a-masters-student-c0178437d40f.

Gonzalez, Andrew. (2002). Language Planning and Intellectualisation. Current Issues in Language Planning. 3. 5-27. 10.1080/14664200208668034.

Lorenz, M. (2005). How Does APA Style Work? Retrieved from Indiana University of Pennsylvania. https://www.iup.edu/writingcenter/writing-resources/research-and-documentation/apa-style/what-is-apa.html#:~:text=APA%20is%20the%20style%20of,as%20education%20and%20other%20fields.

Narvaez, E. G. (2016). "*Sawikaan: Isang Dekada ng Pagpili ng Salita ng Taon".* Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Nuncio, R. (2010). Pagsanghiyang sa Internet. Vibal Foundation, Inc.

Nuncio, R. (2011). Panimulang Salita. Dalumat E-Journal.

Sibayan, B. (2014). "*The Intellectualization of Filipino*." Retrieved from GovPH.

Swales, J., & Feak, C. (2012). "Academic Writing for Graduate Students, 3rd Edition, Essential Tasks and Skills." Michigan: Michigan Publishing.

Tanggol Wika. (2018, November 17). PAGTATANGGOL SA WIKA AT PANITIKANG FILIPINO, TUNGKULIN NG BAWAT PILIPINO.

University of Southern California. (n.d.). Home Research Guides. Retrieved from USC Libraries: https://libguides.usc.edu/writingguide/notes#:~:text=Definition,reference%20appears%20in%20the%20paper.

University of Stirling. (2019). Understanding Ethics . Retrieved from University of Stirling: https://www.stir.ac.uk/research/research-ethics-and-integrity/understanding-ethics/#:~:text=Research%20should%20aim%20to%20maximise,conducted%20with%20integrity%20and%20transparency

Victoria, V. (2020). Mga Estratehiya sa Pagsisimula at Pagwawakas ng Komposisyon. (J. M. Reyes, Interviewer)

Virginia Tech University Libraries . (2021). Citation and style manuals . Retrieved from University Libraries: https://guides.lib.vt.edu/find/citation-style-manuals/mla

## HINGGIL SA MGA MAY AKDA

**JESSICA MAY SAN AGUSTIN REYES**

Kasalukuyang nagtuturo sa De La Salle University-Manila si Jessica May S. Reyes at dito niya rin sinisikap na matapos ang kursong Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino-Wika, Kultura, Midya (PHARFIL). Nakapagtapos bilang Cum Laude noong 2019 sa kursong Bachelor of Arts and Bachelor of Secondary Education major in Filipino sa Ateneo de Naga University. Natapos niya rin ang kursong Master of Arts in Education major in Filipino at ginawaran ng Academic Distinction Award sa parehong pamantasan. Layunin niyang makapagsulat pa ng maraming pagsusuri at pananaliksik bilang paraan upang mapagsilbihan ang bayan at makapag-ambag sa pagsulong ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.

**VASIL AGONG VICTORIA, PhD**

Siya ay nagtaposng PhD sa Araling Filipino sa De La Salle University, Maynila na mayperpektong kuwatro ang lahat ng marka sa kaniyang kurso. Nasa 20 taon na angkaniyang karanasan bilang edukador sa Filipino sa Pamantasang Ateneo de Naga.Siya ay kinikilala sa kahusayan sa pagtuturo-pagkatutong pinatutunayan ng excellentevaluation mula sa kaniyang mga mag-aaral, kapuwa-guro, at immediatesuperior mula noong 2014 hanggang sa kasalukuyan. Siya rin ay tagapangasiwang mga pandaigdigan, pambansa, at panrehiyong seminar-worksyap sa Filipino. Siya ang punong direktor ng Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino o SAGIF. Marami na rin ang mga aklat na kaniyang naisulat para sa medyor maging sa lahat ng antas ng pag-aaral. Nakapaglathala na rin ng maraming pananaliksik sa mga refereed journal. Marami na rin siyang kawanggawa at ekstensiyon para sa pagpapalaganap, pagtataguyod, at pagpapalakas ng Wikang Pambasa partikular sa Bikol.